

1

“Yes, okay lang. You can sit there.”

Sana ay hindi napansin ng babae ang pagsinghap niya nang marinig ang boses nito. Low, husky, and very seductive. Weakness niya iyon, at kung muli siguro itong magsasalita, baka bigla siyang himatayin.

“Uh...” Napakurap si Harley sa babaeng nakaupo sa pang-apatang mesa sa tabi ng mababang bintana sa sulok ng converted building na iyon. It was a huge food court na kapag may laban si Manny Pacquiao ay ginagawang free viewing area ng barangay. “Thank you.” Inilapag niya ang tray sa mesa.

She smiled, revealing not so perfect teeth. They were white but not the blinding fake-looking kind. Medyo may sungki pero sa halip na makabawas ay tila nakadagdag pa iyon sa ganda nito.

Damn it, stop staring, Ricafort!

“You’re welcome. Upo na, para makakain ka na. You kinda look pale already.” Itinuro nito ang upuang katapat ng puwesto.

At parang nakaintindi naman ang tiyan niyang nagparamdam at nagparinig pa talaga habang paupo siya. He was starving. Pasado alas nueve ng umaga ang huling kain niya at pasado alas cuatro na ng hapon. It was a busy day, mostly spent shuttling

between one of their firm's satellite offices and the site of a new project, which was two blocks away.

“See, gutom ka na.” Lumawak ang ngiti ng babae, na hindi naman nakakaloko ang tono. Mukhang friendly at sensitive sa pangangailangan ng iba, kahit hindi nito kakilala.

Muli ay nakatingin lang si Harley rito habang inaalis ang foil ng mini bilao ng pancit Malabon na order niya. May kwek-kwek at turon din sa tray. The woman in front of him had empty paper plates in front of her, and a huge, half-full cup of coffee shake.

“Hello, are you okay?” Ipinitik nito ang mga daliri sa tapat ng mukha niya.

“I... I'm fine.” *It's just your voice... and your smile... and you're a freakin' goddess.*

Or a pixie. She had short, spiky brown hair. Maybe three studs each in both ears. An evidence of more piercing in her nose and eyebrow. Maaliwalas ang bukas ng mukha nito, parang walang anumang angst sa buhay kahit pormang rock star. A coal grey structured jacket over striped red and white top.

Harley could not see the rest of her body, but he was sure she must be wearing tight jeans that hugged her slender yet curvy frame.

“Eat up, dude. Para lalo kang gumuwapo,” she grinned, and then fished for something in the side pocket of her huge

backpack. “Do you mind if I smoke?” Inilabas nito ang isang pakete ng *Marlboro Lights*.

And whatever similarity stopped right there. Wala siyang issue sa mga nagyoyosi, pero sa nararamdaman kanina pa ay naisip niyang hindi tamang ikinukumpara niya ang babae sa mga nakarelasyon niya.

Wait, what? What was he thinking? Ganoon ba kalupit ang gutom niya?

But man, she was exquisite!

Who are you, Miss?

Harley wasn't really in the market for a new girlfriend. After two failed long-term relationships—one during college and one in his former workplace, he thought his heart needed a break. Isa siyang closet romantic na matindi ang nagiging attachment sa mga nagiging karelasyon na maraming buwan o taon din ang binibilang bago siya tuluyang maka-recover.

At twenty-eight, and two years since his last girlfriend, many said he's ready and should be finding someone again. Naka-recover na siya sa sakit na dulot ng pagkabigo sa babaeng pinlano niyang alukin ng kasal sa pagbabalik nito galing sa isang three-month Brand Management course sa London. He planned a surprise, pero siya pala ang masosorpresa dahil sa pagbabalik nito ay ang pagtatapos din ng lahat sa kanila.

“We’re still too young to be this serious, Harley. At sa tingin ko, kung talagang para tayo sa isa’t isa ay hindi ko man lang ie-entertain si Jamie. It was more than an attraction, more than fleeting chemistry and more than enough to make me not think twice about this. I’m sorry.”

Like Alyanna a.k.a. the first love who wasn’t meant to be his last because she was pure Chinese and destined to marry someone else, Therese also spoke softly and almost sweetly even if she was delivering the words meant to crush his fragile heart into tiny pieces. May panahon matapos ang breakup nila na tinawagan yata niya araw-araw ang lola niyang Batangueña na bukod sa bingi na at palaging pasigaw kung makipag-usap ay parang lagi ring naghahamon ng away.

Hinabol, niyakap at ipinagitna ni Harley ang sarili sa ingay at gulo. Inako niya ang halos lahat ng field assignments sa architectural firm na pinapasukan. Naglaan siya ng mas maraming oras bilang isa sa tattoo artists sa shop ng Kuya Homer niya. Halos kada laro rin ng soccer team na suki sa shop ay dinaluhan niya.

It was his life for the past two years, just so he could forget the quiet, easy, content life he used to have with Therese. And Alyanna.

Mas nakakatakot pala ang ganoon—iyong sa sobrang pagkakontento at tahimik ng buhay mo kasama ang isang tao ay hindi mo man lang naiisip ang posibilidad na sa isang iglap ay maaari iyong matapos at mawala.

Hindi iyon sa isang kisapmata, dahil ang pakiramdam niya sa tuwing magtatapos ang isang relasyon ay sinesentensyahan siya ng korte. Na may kasamang pagsabog ng bomba.

“That looks good. Masarap ba?”

Napahinto si Harley sa pagnguya. Kaunti na lang ang natitira sa pancit. Kalahati na lang ang natitira sa dalawang turon, at ubos na ang kwek-kwek. Shit, where were his manners? Hindi man lang siya nag-alok!

“Yes, really good. Gusto mo ba? Ibibili kita. Pasensya na hindi man lang kita naal—”

“Oh no, don’t worry.” She waved one hand dismissively. “Naaaliw lang ako sa mga taong maganang kumain. Yung parang wala nang bukas.”

Natawa ang binata. “Kaninang umaga pa kasi ang huli kong kain.” Iniabot niya ang kamay rito. “I’m Harley.”

Tinanggap naman iyon ng babae. Her palm was warm and a bit rough. Her handshake was firm. “Magkatunog pa pangalan natin. I’m Riley.”

Parang ayaw pa niyang bumitaw, lalo na dahil bahagya ring inilapit ni Riley ang mukha habang nakatingin sa kanya.

He didn’t really believe anyone could be so into a person a few minutes after seeing each other for the first time. Pero ngayong hindi niya maalis ang tingin kay Riley, parang gusto na

niyang maniwala. Nakakapanibago.

He reluctantly let her hand go as his eyes remained on hers. Ngumiti lang ito bago muling itinaas ang stick ng sigarilyo sa labi, at bumaling sa nakabukas na bintana.

Harley had to tear his eyes away and finish his food or he would be enthralled by the slow, sensual movement of her lips as she puffed away.

Katahimikan ang sumunod na naghari sa pagitan nila habang inuubos niya ang pagkain at abala naman si Riley sa yosi at sa cellphone nito. Matapos ang ilang minuto ay iniligpit ng babae ang mga gamit nitong nasa mesa bago tumayo at nakangiting nagpaalam sa kanya.

“I should go. May imi-meet pa ako.” She drummed her fingers on the table. “It was nice meeting you. Huwag ka nang magpapagutom, ha?” Marahang tinapik siya nito sa braso bago lumakad palayo.

“Ha... w-wait, Riley!”

Lumingon naman ito. “Yes?”

“Saan ka pupunta?”

“Sa *Ackerton*. May klase ako. Post-grad.” Itinaas nito ang isang kamay at bahagya iyong ikinaway bago muling tumalikod. Mabibilis ang lakad nito palabas ng food court.

Naiwan ang binata na hindi alam kung ano ang gagawin o sasabihin.

He intended to ask for her number. *Damn it!* Two years of not dating and he was reduced to a clueless idiot.

Mabilis na iniligpit niya ang tray at isinukbit ang backpack. Halos takbuhin niya palabas. Wala na roon si Riley. May ilang tricycle mula sa kalapit na terminal ang kaaalis lang at hindi niya alam kung alin doon ang sinakyan ng babae.

Ackerton University was five blocks away. Puwede pa siguro niyang takbuhin.

Pero pabuwelo pa lang para sa pinaplanong brisk walking at marathon ay tumunog na ang cellphone niya. It was his boss, and he was wanted at a very urgent meeting.

Laglag ang mga balikat na ang kabilang direksyon ang tinahak ng mga paa niya, pabalik sa site ng project nila.

Riley. *Ackerton*. About 5'4", short hair, and with the prettiest smile he'd ever seen. Wala pang isang oras silang nagkasama, pero alam niyang makikilala na niya ito kahit saan.

Hindi nagkaroon si Harley ng isa pang pagkakataon na hanapin si Riley matapos ang una nilang pagkikita. He was sent to Singapore for a conference, then had to oversee a project in Ilocos and stay there for six weeks. Tatlong buwang sa internet at social

media niya hinanap si Riley, pero wala siyang matiyempuhang online presence nito.

Was that even her real name? Pero hindi naman ito mukhang nagsisinungaling.

After three months na siya muling nagkapanahon na hanapin talaga ang babae, pero dahil kapos na detalyeng alam niya ay hindi siya mabigyan ng impormasyon ng *Ackerton*.

Pitong buwan na simula nang una at huli silang magkita, at ilang linggo na rin ang nakakalipas simula nang sumuko siya sa paghahanap. Kulang na lang ay magpagawa siya ng cartographic sketch sa police station. He gave up with a heavy heart.

Siguro magkikita silang muli. Puwede ring hindi.

“Harley, ikaw na ang bahala dito, ha? Masakit na talaga ang likod ko. Gusto ko nang mahiga.”

Nag-angat siya ng tingin mula sa kaharap na laptop. Sabado ng hapon at gaya ng nakasanayan tuwing weekend ay tambay at artist siya sa personalized gift shop cum tattoo parlor na pag-aari ng Kuya Homer niya at ng asawa nitong si Sabrina, na pitong buwan nang buntis. Naghihintay na tiyak sa labas ang kuya niya na nauna nang nagpaalam.

“Go ahead, Ate Sab. Mag-rest ka na,” nakangiting sabi niya at dinukwang ang counter para mahagkan ito sa sentido.

“May schedule ka ba ngayon? Baka kasi ma-late sa shift

niya si Tonton dahil ka-meeting ang thesis adviser niya,” tukoy nito sa all-around reception and admin staff nila mula Huwebes hanggang Sabado, na isang graduating college student.

“Sina Mads lang ang inaasahan ko, in about...” tiningnan niya ang screen ng laptop, “fifteen minutes.”

Tumango ang babae. Kilala nito ang mga tinutukoy niya. Si Maddox Rubia at ang mga katropa nito sa ngayon ay isa sa nangungunang soccer teams sa Asya.

“Okay, di ka naman pala maiinip. Huwag kang pagabi, Harley. Kailangan mo ding magpahinga.”

Pinangingkitan lang niya ng mga mata ang hipag, na natatawang kumaway at naglakad na palabas ng shop. He was left alone in the counter, only hearing the low piped-in music and the muffled chatter in their tattoo areas at the back. Naroon ang tatlo sa mga artists nila na abala sa kani-kanyang kliyente at kasama ng mga ito.

Harley had been inking Maddox Rubia’s skin for a year now. Kadalasan ay sa likod, balik at mga braso nito ang mga tattoo na karamihan ay mythological creatures twined with Japanese Kanji characters. Maliliit na design lang iyon pero sa bawat nadadagdag ay tila bumubuo ng isang imahe. They would look like a very intricate pair of wings when finished.

Kahit hindi ito ang talagang linya ni Harley, alam niyang magaling at masasabi siyang eksperto sa pagta-tattoo.

Natutuwa rin siyang maging isa sa pinagkakatiwalaan ng isang sikat at hinahangaan niyang personalidad. Hindi niya masasabing magkaibigan sila ni Maddox Rubia, pero mabait ito sa kanya at simula nang maging kliyente nila ito ay mas naging tagumpay at dinarayo ang shop.

That was why he never accepted any other client prior to a session with him. Gusto niyang tutok ang atensyon at hindi siya pagod kapag ginagawa ang mga tattoo nito.

Inalis niya ang tingin sa laptop at lumabas ng reception area. Kasabay niyon ang pagtunog ng doorbell. Maddox Rubia and his boisterous group of friends were always on time.

Nakahanda na ang ngiti niya nang buksan ang pinto. Inasahan na niya ang malalakas na boses, ang tawanan at asaran ng suking grupo, ngunit hindi ang makikitang kasama ng mga ito.

She definitely stood out in her fuschia shirt with a bright metallic print and short, spiky hair. Her eyes were bigger and brighter than the last time he saw her.

At kahit pilit niyang itinatago ang pagkagulat at sinusubukang huwag masyadong tingnan ang babae habang papasok ito at ang mga kasama, hindi rin niya maiwasang muling maramdamang tila unti-unting nadudurog ang puso niya.

“Harley boy! This is my Riley. She wanted to watch,” pakilala ni Maddox sa babae bago ito masuyong hinagkan sa gilid ng labi.

Owning Her Skin - Kylie Montiel

Harley wanted to look away, but before he could turn his head he saw their intertwined hands. And the way Riley gazed up lovingly at Maddox before she turned to him.

There wasn't even a flicker of recognition there as she held out a hand.

He wasn't looking for anyone, yet he found Riley. And she already belonged to someone else.